

Isang beses na libreng serbisyong pagsusuri sa COVID-19 sa lahat ng tagapaghatid

Nagpahayag ang (Food and Health Bureau) Kawanihan ng Pagkain at Kalusugan (FHB) na dahil sa kamakailang pagkabahala ng publiko tungkol sa posibleng pagkahawa ng mga serbisyong tagapaghatid sa COVID-19, ang pamahalaan ay magbibigay ng isang beses na libreng serbisyong pagsusuri sa COVID-19 sa lahat ng tagapaghatid (kabilang ang mga tagapaghatid ng pagkain) sa Hong Kong mula ika-19 hanggang ika-31 ng Enero 2021 sa mga sentro ng pagsusuri sa komunidad upang mabawasan ang peligrong pagkakahawaan ng virus sa komunidad. Kinakailangang gumawa ng maagang pagpapatala para sa libreng serbisyong pagsusuri ang mga tagapaghatid sa pamamagitan ng sistemang pagpapatala ng sentro ng pagsusuri sa komunidad (<https://www.communitytest.gov.hk/en/>). Ang pagpapatala ay maaaring gawin mula ika-17 ng Enero 2021. Sa pagdating sa mga sentro sa mga itinalagang oras, kinakailangang ipakita ng mga tagapaghatid ang dokumento ng pagkakakilanlang ginamit sa oras ng pagpapatala at ang kumpirmasyon ng pagpapatala sa SMS para sa pagpapatunay. Ang mga hindi nakagawa ng pagpapatala ay kinakailangang magbayad ng \$240 para sa serbisyong pagsusuri.

Ang mga sentro ng pagsusuri sa komunidad ay bukas araw-araw mula 8am hanggang 1:30pm at mula 2:30pm hanggang 8pm. Ang todong paglilinis at disimpeksyon ay isasagawa kapag sila ay nagsarado sa hapon at sa gabi.

Ipinaaalala ng FHB na kapag may sintomas ang mga tagapaghatid, dapat hindi sila dumalo sa mga sentro ng pagsusuri sa komunidad. Dapat kaagad silang humingi ng medikal na atensyon at sumailalim sa libreng pagsusuri na ipinagkakaloob ng Pamahalaan ayon sa tagubilin ng isang medikal na propesyonal. Kabilang sa ibang mga pamamaraan sa libreng pagsusuri ang pagkuha ng pakete para sa specimen ng laway sa lalim ng lalamunan mula sa mga post office, estasyon ng MTR o mga itinalagang klinika ng general outpatient ng (Hospital Authority) Awtoridad ng Ospital.

Idinagdag ng FHB na sa panahong ipinagkakaloob ang libreng serbisyong pagsusuri sa mga sentro ng pagsusuri sa komunidad, ang bawat tagapaghatid ay isang beses lamang maaaring tumanggap ng libreng serbisyong pagsusuri. Ang mga kalahok ay bibigyan ng abiso sa SMS sa kanilang mga cellphone kapag negatibo ang resulta. Kapag ang isang spesimen ay lumabas na positibo sa unang pagsubok, ito ay ikokonsulta sa Sangay ng Mga Serbisyong Laboratoryo ng Pamublikong Kalusugan

(Public Health Laboratory Services Branch) ng Kagawaran ng Kalusugan para sa pagsusuring pagtiyak. Ang mga kumpirmadong kaso ay aasikasuhin at ipapahayag ng (Centre for Health Protection of the Department) Sentro Para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Kagawaran.